


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN III



MODYUL 7

**KABIHASNANG KLASIKAL SA AMERIKA AT
PACIFICO**



MODYUL 7

KABIHASNANG KLASIKAL SA AMERIKA AT PACIFICO



Ang modyul na ito ay tungkol sa pagkabuo ng kabihasnang Amerika, ang kaganapan sa mga Pulo sa Pasipiko at ang kontribusyon nila sa sandaigdigan.




Tatlong uri ng kabihasnang ang sumibol sa Timog Amerika. Ito ay ang Inca, Maya at Aztec. Sa Hilagang Amerika naman ay walang kabihasnang na kahalintulad ng sa Timog Amerika ang umusbong.

Sa mga Pulo sa Pasipiko naman, dahil sa dami ng mga maliliit na pulo ditto, ang mga ito ay pinagsama-sama at nabuo ang Tatlong grupo na ngayon ay kilala bilang: Micronesia, Melanesia at Polynesia.

Mahabang paglalakbay ang gagawin natin sa modyul na tio kaya kailangan ay magsanay tayo sa paggamit ng mapa.



May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Kabihasnang ng mga Sinaunang Tao sa Amerika
-  Aralin 2: Kabihasnang nabuo sa Meso-America at Timog America
-  Aralin 3: Mga Pulo sa Pasipiko



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay mo ang pagkabuo ng kabihasnang Amerika;
2. Maisasaarawan mo ang mga kaganapan sa Pasipiko;
3. Matutukoy ang mga lugar sa Amerika at Pasipiko sa map; at
4. Mapahalagahan ang kontribusyon ng Amerika at Pasipiko sa sandaigdigan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Biluga ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pinaniniwalaang mga unang tao na naninirahan sa Amerika ay mga:
 - a. Australyano
 - b. Aprikano
 - c. Asyano
 - d. Europeo

2. Sa panahon ng pagtuklas na kung saan ang mga Europeong bansa ay nag-unahan sa pagtuklas ng mga teritoryo ang unang nakarating sa Amerika ay si
 - a. Magellan
 - b. Cortez
 - c. Columbus
 - d. Vasco de Gama

3. Pinakamahalagang tanim para sa mga Maya Cacao
 - a. Palay
 - b. Mais
 - c. Niyog
 - d. Trigo

4. Ang mga Eskimo ay nabubuhay sa pangingsda dahil sa
 - a. Ang kinalalagyang lugar ay nagyeyelong lupain
 - b. Bulubundukin ang lugar nila
 - c. Malawak ang ilog sa lugar nila
 - d. Maraming disyerto sa lugar nila

5. inawag na Indian ang mga unang nanirahan sa Amerika dahil sa
 - a. Galing sila sa India
 - b. Mula sila sa lahi sa India
 - c. Napagkamalan sila ni Columbus dahil sa akala niya na nakarating siya sa India
 - d. Tinanggap nla ang sibilisasyong India.

6. Alin sa sumusunod na grupong ito ang hindi nagsasakripisyo ng buhay bilang alay sa mga Diyos?
- a. Eskimo
 - b. Aztec
 - c. Maya
 - d. Inca
7. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na pagsasalarawan sa lungsod estado?
- a. May patubig sa pananim
 - b. Maraming pataniman
 - c. Nandoon ang mahalagang istraktura tulad ng piramide, templo at pamilihan
 - d. May mga sari-saring palaro at pananampalataya
8. Ano ang kahulugan ng Polynesia?
- a. Maraming pulo
 - b. Malalaking pulo
 - c. Pulo ng maiitim na tao
 - d. Maliliit na pulo
9. Saang grupo ng mga pulo nabibilang ang Hawaii?
- a. Polynesia
 - b. Micronesia
 - c. Sental Asia
 - d. Melanesia
10. Ang "blackbirders" ay tumutukoy sa mga taong
- a. Nanghuhuli ng ibon
 - b. Nagdadamit ibon
 - c. Nangingidnap ng ginagawang alipin
 - d. Nagliligtas sa mga alipin

ARALIN 1

KABIHASNAN NG MGA SINAUNANG TAO SA AMERIKA



Madalas tayong nakakapanuod ng pelikula tungkol sa mga Indian ng Amerika kung saan ang madalas na kaaway nila ay ang mga “cowboy”. Saan kaya nagmula ang mga Indian na ito? Saaan sila matatagpuan sa malalawak na kontinente ng Amerika at ano ang uri ng kanilang pamumuhay?

Ang kasagutan dito ay matatagpuan natin sa aralin na ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maisasalarawan ang uri ng buhay ng sinaunang taong nanirahan sa Amerika; at
2. Malalaman kung saan nagmula ang mga sinaunang tao sa Amerika.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Alam kong pamilyar sa inyo si Columbus. Magbigay ng ilang kaalaman tungkol sa buhay niya sa Amerika. Bakit napakahalaga sa mga Amerikano si Columbus.



Christopher Columbus

Kabihasnan ng mga Sinaunang Tao sa Amerika

Noong naglakbay si Columbus noong ika 15 siglo, gusto niyang patunayan na ang mundo ay bilog at sa paniniwalang ito inasahan niyang makakarating siya sa mga pulo malapit sa India na ang daan ay sa kanluran mula Espanya.

Nakarating nga siya sa grupo ng mga pulo at inakala niya na ito ay bandang India kaya ang mga taong dinatnan doon ay tinawag niyang “Indian”. Hindi akalain ni Columbus na siya ay nakatuklas ng “Bagong Daigdig” dahil ang mga pulo na dinaungan niya ay ang pulo Carribean sa Amerika.

Sinaunang Amerika

Ang mga unang Amerikanong Indian ay pinaniniwalaang nagsimulang manirahan sa Amerika mga 30 libong taon na ang nakalipas. Ang mga unang tao ay nagmula pa sa Asya na tumawid sa Kipot Bering patungong Hilagang Amerika.

May mga ebidensiyang nagpapatunay na may sariling kultura ang mga Indian bago pa man dumating ang taga Europa. Gumamit na ang sinaunang tao ng apoy, may mga kasangkapang bato, balat na damit at nag-aalaga ng aso. Noong 7,000 B.C. marunong ng magtanim ang mga Indian. Mais ang pinakamahalagang pananim at ito ay nagawa nilang palaguin sa Sentral Amerika noong 3,000 B.C. Natuto na rin silang magtatag ng pamayanan, humabi ng damit at gumawa ng palayok.

Ang mga Eskimo o Inuit ang grupo na naninirahan sa mga nagyeyelong lupain sa pinakadulong hilaga ng kontinente. Nakalinang ng pamumuhay na angkop sa klima ng Artiko ang mga Eskimo. Sila ay nabuhay sa pangingisda at pangangalap. Nanghuhuli sila ng balyena, seal, maliliit na isda, walrus at iba pa. Ang buto ng malalaking isda at hayop ang ginawa nilang karayom at panghiwa. Balat ng hayop ang ginawa nilang damit at tolda. Bumuo sila ng maliliit na grupo ng pamilya at hindi sila nangangailangan ng sentralisadong pamahalaan. Ang ginamit nilang panglakbay ay

“sleds” at kayak (isang uri ng bangka). Mula sa isda ay nakakuha sila ng langis na ginamit sa kanilang ilawan.

Sa magubat na pook ng hilagang silangan nanirahan ang lumang tribo ng mga Indian. Ito ay ang mga Seneca, Cayuga, Onondaga, Oneida, at Mohawk. Nagtatag sila ng isang kompederasyon na tinatawag na Liga ng mga Iroquis o ang limang nasyon. Noong mga taong 1700, kontrolado ng mga Liga ang mga lupain mula lawa ng Michigan hanggang Atlantic at mula ilog St. Lawrence hanggang ilog Tennessee.

Sa magubat na pook mula timog Alaska hanggang sa kasalukuyang estado ng Washington nanirahan ang mga Indian ng Hilagang baybaying Pasipiko. Sila ay nabubuhay sa pangingsda at pangangalap ng mga prutas sa kagubatan. Sila ay bumuo ng maliliit na pamayanan. Ang bahay nila ay yari sa tabla o kahoy, at sa harap ng bawat bahay ay may mga nakatayong haligi na tintawag na “totem pole”. Itong haligi ay inukitan ng pigura ng isang hayop na ang espiritu ay itinuturing na mahalaga sa pamilya. Ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng pamilya.

Ang grupo ng mga Indian sa hilagang Pasipiko ay nahahati sa tatlong antas: maharlika; karaniwang tao at mga alipin. Ang maharlika ay may katangi-tanging ipinagdiriwang at ito ay tinatawag na “potlack” kung saan ang may handa ay namimigay ng mga mahahalagang bagay.

Bago sumapit ang 1600, marami sa mga Indian na nanirahan sa kapatagan ng gitnang bahagi ng Hilagang Amerika. Sila ay nabuhay sa pangangaso at pagsasaka. Ang kanilang mga bahay ay hugis itlog na kung tawagin ay “wigwam”

Ang grupong Indian Pueblo ang isa sa pinakamatanda at kumplekadong kultura sa Amerika. Ang mga ito ay nanirahan sa timog kanluran na ngayon ay Estados Unidos. Sila ay nagtatag ng organisadong pamahalaan na ang mga tao mismo ang namimili ng pinuno.

Ito ang grupo na gumamit na ng adobe sa pagtatayo ng bahay na may maraming palapag na kilala ngayon sa tawag na “apartment”.

Mahusay na magsasaka ang mga Indiang Pueblo. Gumamit na sila ng sistemang patubig. Mais din ang pangunahin nilang pananim. Kabilang sa Indiang Pueblo ang mga Hopi at Zuni.

Itong Hopi at Zuni ay maituturing na matahimik na tribo. Nakipaglaban lang sila kung nakataya na ang kanilang buhay at kabahayan. Kapag sila ay umuuwi mula sa digmaan, sila ay nagsasagawa ng ritwal upang mahugasan ang kanilang kasalanan. Itinuturo ng kanilang relihiyon ang pakikiisa sa kalikasan, pagpapahalaga sa kalikasan at tradisyon.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Tingnan mong mabuti ang larawan tungkol sa mga Eskimo. Pansinin mo ang kanilang bahay.



Sa isang pirasong papel, isulat ang iyong sagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Bakit iba ang hugis ng kanilang bahay?
2. Ano ang mga materyales ng kanilang bahay?
3. Bakit ganito ang uri ng kanilang Bahay?



Tandaan Mo!

● Ang mga sinaunang tao sa Amerika ay pinaniniwalaang galing sa Asya na dumaaan sa kipot Bering. Sa kasalukuyan sila ay kilala sa tawag na "Indian" dahil sa napagkamalan sila ni Columbus na mga tao sa Indies dahil sa akala ni Columbus ang mga pulo na kanyang narating ay Indies.

ARALIN 2

KABIHASNANG NABUO SA MESOAMERIKA AT TIMOG AMERIKA



Sa MesoAmerika at timog Amerika sumilang ang tatlong dakilang sibilisasyon; ang Maya, Inca at Aztec. Natagpuan ang labi ng kabihasnang Maya at Yukatan sa Mexico; ang Aztec naman sa sentral at Timog Mexico at ang Inca sa bundok Andes.

Mataas ang antas ng sibilisasyon ng mga grupong tio at marami ang naiambag nila sa sandaigdigan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy mo ang mga lugar ng kabihasnang Maya, Aztec at Inca;
2. Maisasalarawan ang katangian ng kanilang kultura; at
3. Mapahahalagahan ang kontribusyon ng mga ito sa sandaigdigan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pagmasadan mabuti ang mapa.



Tingnang mabuti ang mapa at itala ang limang bansa na nabibilang sa MesoAmerika at limang bansa rin sa Timog Amerika.

MesoAmerika

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____


Timog America

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Kabihasanan ng MesoAmerika at Timog Amerika

Tatlong sibilisasyon ang nalinang sa rehiyon ng MesoAmerika at Timog Amerika. Ito ay ang Maya, Aztec at Inca. Ang Maya ay ginawang sentro ang Teotihuacan sa lambak ng Mexico, samantalang ang humalili sa kanila sa kapangyarihan sa MesoAmerika ay ang Aztec kung saan ang ginawa nilang sentro ay Tenochtitlan at ang mga Inca naman ay namayani sa Bundok Andes kung saan Cusco naman ang ginawang sentro.

Sibilisasyon ng Maya




Ang kabihasnang Maya ay nahukay sa kagubatan ng Guatemala, Honduras at Katimugang Mexico.

Ang kulturang Maya ay may mataas na antas.. Mula 500 B.C. sila ay may maraming naiambag sa atin. Nakabuo sila ng sistema ng pagsulat, sistema ng numero at kalendaryo. Nakapagtatag na rin sila ng maraming siyudad at napaghusay ang kanilang kaalaman sa sining, agham, at pag-aaral.

Taong 800 A.D. sinimulang lisanin ng mga Maya ang lugar na matagal ding panahon na pinagyaman nila. Hindi lubusang matukoy kung bakit nilisan nila ang lugar

na iyon. May mga nagsasabing naparami ang populasyon at hindi makasapat ang pagkain; maaari rin daw na nagkaroon ng epidemya at digmaang kumitil ng maraming buhay.

Ang mga Maya ay lumipat pahilaga at nagtatag ng mga bagong siyudad sa hilagang dulo ng Yucatan. Dito umusbong ang mga lungsod estado. Sinasabing ang pamahalaan ng Maya ay isang teokrasya sapagkat ang buhay ng mga Maya ay domiado ng mga pari.




Sa lunsod estado matatagpuan ang mga templong simbahan, malalaking piramide, obserbatoryo at monumento.

Sumasamba ang mga Maya sa araw at marami pa silang kinikilalang diyos. Kinikilala nila ang pari bilang lider-espirtwal at pinuno ng lunsod. Ang paring pinuno ay nakatira sa lunsod.

Sinakop ng mga mandirigmang Toltec ang mga Maya sa Yucatan noong ika-11 siglo A.D. at namalagi sila ng may 200 taon. Sa loob ng panahon ng pamamalagi ng mga Toltec sa lugar na iyon, sinasabing sila ang nagpabagsak sa mga Maya.

Sibilisasyon ng Aztec

Panahong ika 13 siglo, ng isang tribong Indian na pawang mga mandirigma ang lumikas sa Sentral Mexico, buhat sa hilagang kanluran. Sinakop ng mga Aztec ang mga Toltec at iba pang mga kalapit na tribo. Tinawag nila ang kanilang sarili na mga taga Mexico.



Sa loob ng lungsod ng mga Aztec ay makikita ang mga templo at piramide. Sa tabi ng templo ay nakatayo ang malaki at nababakurang palaruan kung saan idinaraos ang larong bola na may kaugnayan sa relihiyon. Mayroon ding mga pamilihan na kung saan ang mga tinda ay nakahanay ayon sa uri; halimbawa ay ang tela, prutas at iba pa.

Sumasampalataya ang mga Aztec sa maraming diyos. Ang pinakamataas nilang diyos ay si Huitlopochtli; diyos ng araw at digmaan. Naniniwala ang mga Aztec na apat na beses nang nilikha at ginunaw ng diyos ang mundo.


Itong paniniwalang ito ang nagdala sa kanila ng malas dahil nang dumating ang mananakop na Kastila na si Hernando Cortez noong 1519, inakala ni Montezuma,

pinuno ng mga Aztec na ang mga ito ay mensahero ng diyos dahil sa naiiba ang mga mukha. Tinanggap nilang maayos ang mga Kastila at niregaluhan pa ng ginto at mga gamit na yari sa mamahaling balahibo ng hayop.

Inakala ni Montezuma na nasisiyahan ang mga dayuhan sa regaling ibinigay nila ngunit naging lalong interesado si Cortes na malaman kung saan makikita ang pinanggalingan ng ginto. Kasabwat ang mga tribong galit kay Montezuma, sinalakay nila ang kuta nito ngunit natalo sila. Sa kung anong dahilan namatay di naglaon si Montezuma at lubusang nasakop ni Cortes noong 1521 ang teritoryo niya.

Sibilisasyon ng Inca

Sa kabundukan ng Andes naman nanirahan ang mga Inca at sa ibayong rehiyon ng Timog America. Mga taong 100 – 400 A.D., nakalinang sila ng kulturang tinawag na Tiahuanaco. Walang masyadong kaalaman na nakalap tungkol sa kulturang ito maliban sa sila ay mga bihasang manggagawa ng gusali. Biglang naglaho ang kulturang Tiahuanaco bandang 900 A.D. Noong ika – 11 siglo may sumulpot muling grupo na amg tawag sa pinuno nila ay Inca. Ang tawag na iyon ang siyang ginamit na pangalan mismo ng grupo.



Nanirahan ang Inca sa Lambak ng Andes at di naglaon, nanakop sila ng mga teritoryo. Bandang 1500, ang imperyo ng Inca ay may populasyon na 12 milyon na nagsasalita ng 20 iba't ibang wika at nahahati sa 100 na iba't ibang grupong etniko.

Ang Inca ay nakatatag ng oorganisadong sistema ng pamahalaan; sistema ng transportasyon at komunikasyon. Nakagawa sila ng daan sa gilid ng mga bundok at mga nakabiting tulay sa ibabaw ng mga bangin at ilog.

Ang pinakamataas na pinuno ng mga Inca ay Emperador na pinaniniwalaang inapo ng diyos na araw at habang nabubuhay, siya ay sinasamba ng mga tao sa imperyo. Ang kapangyarihan niya ay lubos kaya nang humarap si Pizarro, ang Kastilang “conquestador” kay Emperador Atahualpa sinabi niya sa “conquestador” – “Sa aking kaharian walang ibang makakalipad at walang dahong malalaglag kung di ko nanaisin”

Ang lahat ng bagay sa imperyo maging ito ay lupain, produksyon at distribusyon ng kalakal ay kontrolado ng pamahalaan. May listahan ang pamahalaan ng bilang ng taong nasasakop niya at lahat ng lalaki ay obligadong manilbihan sa sandatahang lakas at mag-ukol ng panahon sa mga gawaing pambayan.

Halimbawa nito ay ang isang binata na nasa tamang gulang, sapilitan siyang papipiliin ng mapapangasawa.

Karamihan sa mga Inca ay magsasaka, nag-aalaga rin sila ng hayop at nangingisda. Ang ilan ay naghahabi. Mayroon ding iba na mahuhusay na magpapalayok, mga minero ng ginto, pilak at tanso.

Tulad ng mga Inca, ay nag-aalay din ng tao sa mga itinuturing na diyos.

Ang pagsasaka ng Imperyong Inca ay naganap ng dumating ang conquistador. Binihag nila si Emperador Atahualpa at pinangakuan ng kalayaan kung mabigyan sila ng isang silid na puno ng ginto. Naibigay naman ang hiniling nila ngunit hindi tumupad si Pizarro at ang ginawa ay binitay nila sa Atahualpa. Nag-away away ang mga Kastila sa partihan ng ginto at maging si Pizarro ay pinatay.

Mga ugaling pagkakilanlan ng mga Indian:

1. Kaugaliang pangrelihiyon

Napakahalaga sa mg Indian ang kanilang relihiyon. Ang pari ay itinuturing na makapangyarihan. Karamihan sa Amerikanong Indian ay sumasampalataya sa araw. Ang ibang tribo ay sumasamba sa iba't-ibang diyos na kumakatawan sa mga bagay sa pangaraw-araw na buhay gaya ng agrikultura o isang bagay sa kalikasan.

Ang pag-aalay ng tao ay isang katangian ng kanilang relihiyon. May paniniwala silang kailangang ang iaalay sa diyos ay isang napakahalagang bagay - at ito ay buhay ng tao.

2. Sama-samang pamumuhay

Ang buhay ng Indian ay umiinog sa tribo o angkan. Ang tribo ang nagmamamay-ari ng lahat ng lupain kaya walang indibidwal ang nagmamamay-ari ng lupa.


Kontribusyon ng mga Indian sa Sandaigdigan

Ang mga Indian ay may sistema ng pagsulat. Ang lahat ng tribo ay may literature. Ito ay pinagsalinsalin sa isang henerasyon hanggang sa susunod. Ang karaniwang panitikan ay tula at ang karaniwang tema ay relihiyon o ang tradisyon ng tribo. Ang mga alamat naman ay tungkol sa hayop at digmaan.

Sa pagpapalayok, paghahabi, pagbuburda, paggawa ng metal, pagpipinta, istraktura at arkitektura naman ay magaling sila. Ito ay makikita sa magagandang istraktura nila at ang mga magagandang dekorasyon nito.

Hindi maipagkaila na marami sa salitang Indian ang bahagi na wikang English katulad ng *chocolate, tomato, chile*.

Maraming imbensyon ng Indian ang ginagamit pa hanggang ngayon katulad ng canoe at snowshoe.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Sabihin ang gamit ng sumusunod:

1. Kayak - _____

2. Totem pole - _____

3. Wigwam - _____

4. Canoe - _____

B. I-drawing ang anyo ng apat na bagay na nakatala sa #1.

A large, empty rounded rectangular box with a thin black border and a light gray drop shadow on the right side, intended for drawing the four items listed in part A.



Tandaan Mo!

- Ang mga Indian sa Mesoamerica at Timog Amerika ang may pinakamayamang kabihasanan. Marami silang naiambag sa sandaigdigan katulad ng patubig.

ARALIN 3

MGA PULO SA PASIPIKO



Ang mga pulo sa Pasipiko ay nahahati sa tatlong pangkat batay sa pagkakatuklas ng kanilang katangian. Ang Melanesia ay binubuo ng mga taong maiitim ang balat; Micronesia ay ang mga maliliit na pulo; at Polynesia ay may maraming pulo.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy mo ang pagkakaiba ng mga pinangkat-pangkat na mga pulo sa Pasipiko ayon sa kanilang katangiang pisikal;
2. Malalaman ang pinagmulan ng mga taong nanirahan sa mga pulong ito; at
3. Matutukoy ang naging ugnayan ng mga Europeo sa mga pulong ito.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

May mga pulo sa Pasipiko na alam kong pamilyar na sa iyo. Subukan mong isalarawan ang mga pulo batay sa mga naging kaalaman mo dito.

1. Hawaii
2. Guam

Isulat sa isang pirasong papel ang iyong nalalaman.

Mga Pulo sa Pasipiko

Ang mga pulo sa Pasipiko ay mayaman sa likas na yaman. Dahil dito, tinawag na mga eksplorador na Europeo ang mga pulo na paraiso ng hardin ng Eden. Sa kasalukuyan, ang pinakamahalagang industriya sa karamihan ng mga pulo ay turismo, tulad ng Hawaii, Tahiti, Guam, Samoa at Palau.

Nahahati sa tatlong pangkat ang mga pulo ayon sa pagkakatulad ng kanilang katangiang pisikal: Melanesia na hango sa salitang melanin na ang kahulugan ay madilim o maitim; Micronesia na ang ibig sabihin ay ‘maliliit na pulo’; at Polynesia, maraming tao.

Ang mga teritoryang bumubuo sa bawat pangkat ay ang sumusunod:

- A. Melanesia: New Guinea; Salomon, Fiji, New Celedona, Irian Joya.
- B. Micronesia: Federated States of Micronesia; Marshall Island; Guam; ---,---,---
- C. Polynesia: Hawaii; American Samoa;-----

Kasaysayan noong Sinaunang Panahon

Pinaniniwalaan na ang mga unang tao sa mga pulo ng Pasipiko ay nagmula sa Timog Silangang Asya noong panahong ang New Guinea at Australya ay magkadugtong pa.

Nomad o pagalagala ang mga unang nanirahan dito kaya ang mga unang grupo ay nagmula sa Australya. Ito ay ang mga bumubuo ng Melanesia.

Mula sa Timog Silangang Asya naman nagmula ang mga nanirahan sa Micronesia, at ang mga nanirahan sa Polynesia ay pinapaniwalaang mula sa Asya at naglakbay sa pamamagitan ng lupang tulay na nagdurugtong sa mga pulo.

Nang matutong gumawa at gumawa ng bangka at iba pang sasakyang dagat, narating ng manlalakbay ang iba pang pulo.

Ang pagkakaiba ng mga tao sa mga pulo sa Pasipiko ay nagpapahiwatig na sila ay nanggaling sa iba't-ibang pook. May ilang teorya na nagbigay liwanag sa pinagmulan ng mga tao sa Pasipiko. Pinatunayan ni Thor hegerdahl, isang eksplorador mula Norway

ang teoryang ito ng migrasyon kung saan sinabi niya na ang migrasyon ay mula sa silangan. Sa kabilang dako naman, ilang siyentipiko ang naniniwala na ang pandarayuhan ay mula sa timog silangang sya noong magkadikit pa ang Australia at New Guinea. Ang mga taong ito ay pagala-gala sa paghanap ng pagkain. Nang matunaw ang mga yelo ay dumating naman ang mga taong marunong ng magtanim.

Pagdating ng mga Europeo

Mga bandang 1500 ng makarating sa mga pulo sa Pasipiko ang mga Europeo. Si Antonio d' Abreu ay bumisita sa New Guinea noong 1511. Siya ay galing sa Portuguese East Indies. Natuklasan na rin ng mga Kastila ang maraming pulo ng sila ay maglakbay kung saan nakarating sila sa Pilipinas. Napadaan na si Magellan sa Solomon at Torres Strait subalit hindi nila ginalugad at ipinabatid sa iba. Kahit sila Tasnian at Roggerreen ay hindi man ipinabatid ang pagtuklas ng Easter Island noong 1722.

Ang mga Europeo na nakatuklas ng mga pulo na ito sa Timog Pasipiko ay hindi kaagad-agad na sinakop ang mga hiwa-hiwalay na mga pulong ito. Nang ika-19 siglo, ang mga pulong ito ay nalantad sa mga "whale hunters", "sandal wood cutters" at "blackbirders". Ang blackbirders ay yaong nangingidnap ng mga taga pulo para gamiting na magtatrabaho sa Queensland, Mexico or Peru. Dahil sa pangyayaring ito, nawalan ng tiwala ang mga tagapulo sa mga dayuhang puti kaya ng may misyonerong kristiyanong nagpunta sa ilang pook pinatay nila ang marami dito. Ganoon pa man nagpatuloy pa rin ang mga misyonero sa paghimok sa mga taga pulo sa kristiyanismo at para putulin na ang "cannibalism" o pangangain ng tao.

Maraming pagbabago ang naganap sa Europa sa larangan ng transportasyon. Maraming riles ang nagamit sa paglalakbay. Noong 1898, sinakop ng Estados Unidos ang Hawaii sa bias ng kasunduang Paris nang matalo ng Estados Unidos sa digmaan ang España. Kinuha naman ng France ang Tahiti noong 1880 samantalang ang Chile ay sinakop rin ang pulong Easter noong 1888. Binili naman ng Germany ang pulong

Caroline at Marshall sa España. Ang Britain naman, ay di kalaunan ay sumakop din ng pulo para maprotektahan ang New Zeland na naging kolonya niya.

Sa ngayon ang karamihan sa mga pulo sa Pasipiko ay mga Estado na may sarili ng pamahalaan. Ang Hawaii ay naging bahagi ng Estados Unidos bilang ika-50 estado. Ang iba ay nasa pangangalaga (trust territory o protectorate) ng mga kanluraning bansa. Iyong iba naman ay nasa “mandate” ng United Nations.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Gumawa ng tala hanayan ng mga sumusunod na teritoryo. Sundan mo ang pormat sa ibaba.

Teritoryo	Pangkat na kinabibilangan	Kanluraning bansa na sumakop	Kasalukuyang “Political Status”
Samoa			
Fyi			
Tuvalo			
Hawaii			
Guam			
New Guinea			
Tonga			
Saipan			

Tahiti			
Federated States of Micronesia			



Tandaan Mo!

● Napakarami ng mga pulo sa Pasipiko. Kahit maliliit mayayaman din sa likas na yaman. Itinuturing nga ang mga ito na paraiso sa hardin ng Eden magaganda ang mga teritoryo kaya ang pangunahing industriya ay turismo.



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang mga sinaunang tao sa Amerika ay pinaniniwalaang galing sa Asya na dumaan sa kipot Bering. Sa kasalukuyan sila ay kilala sa tawag na "Indian" dahil sa napagkamalan sila ni Columbus na mga tao sa Indies dahil sa akala ni Columbus ang mga pulo na kanyang narating ay Indies.
- ◆ Ang mga Indian sa Mesoamerica at Timog Amerika ang may pinakamayamang kabihasanan. Marami silang naiambag sa sandaigdigan katulad ng patubig.
- ◆ Napakarami ng mga pulo sa Pasipiko. Kahit maliliit mayayaman din sa likas na yaman. Itinuturing nga ang mga ito na paraiso sa hardin ng Eden magaganda ang mga teritoryo kaya ang pangunahing industriya ay turismo.



PANGWAKAS NA PAGESUSULIT:

Panuto: Bilugan ang Titik ng Tamang sagot.

1. Ang Micronesia ay nangangahulugan na ito ay:
 - a. malaking pulo
 - b. maraming pulo
 - c. pulo ng maiitim na tao
 - d. maliliit na pulo
 - e. maliit na pulo
2. Alin sa mga sumusunod ang pulo na nabibilang sa Polynesia?
 - a. Tonga
 - b. Hawaii
 - c. Tuvalo
 - d. Fyi
3. Ang Inding Pueblo ay matatagpuan sa kasalukuyang
 - a. Mexico
 - b. Canada
 - c. Estados Unidos
 - d. Hundras
4. Tinatawag nila ang mga sarili na “anak ng araw”.
 - a. Aztec
 - b. Maya
 - c. Inca
 - d. Indiang Pueblo
5. Ang wika na ginagamit ng karamihan sa Latin Amerika ay
 - a. Italian
 - b. Spanish
 - c. French
 - d. English
6. Ang grupo ng tao na naninirahan sa mga nagyeyelong lupain sa hilaga ng kontinenteng Amerika.
 - a. Inca
 - b. Eskimo
 - c. Maya
 - d. Aztec

7. Ang tinutukoy na Latin Amerika ay tumutukoy sa sumusunod maliban sa:
- a. Mexico
 - b. Kanlurang Indies
 - c. Estados Unidos
 - d. Sentral Amerika
8. Ang pinuno ng mga Aztec na nag-akalang mga sugo ng diyos ang mga dayuhang dumating sa pamumuno ni Cortes.
- a. Montezuma
 - b. Hiutzilopochtli
 - c. Pizarro
 - d. Atahualipa
9. Ang grupo ng mga Indian na ang pangalan ay hango sa tawag nila sa kanilang pinuno.
- a. Aztec
 - b. Maya
 - c. Inca
 - d. Mexico
10. Ang “blackbirders” ay tumutukoy sa mga taong
- a. Nanghuhuli ng ibon
 - b. Nagdadamit ibon
 - c. Nangingidnap ng ginagawang alipin
 - d. Nagliligtas sa mga alipin



GABAY SA PAGWAWASTO: